



BAKIT MAHALAGA ANG PARTISIPASYON SA PAGSUSULIT NG ESTADO SA MGA POLICYMAKER

Paano Nakakatulong sa mga Mag-aaral at Kanilang Pamilya sa Oregon ang Pagkuha ng mga Pagsusulit ng Estado?

- Tinutulungan nito ang mga pamilya at miyembro ng komunidad na maunawaan kung paano sinusuportahan ng mga lokal na paaralan ang mga pangangailangang pang-edukasyon ng lahat ng mag-aaral sa mga pamantayan ng pag-aaral ng English language arts (ELA), matematika, at agham.
- Sinusukat nito ang progreso ng mga mag-aaral tungo sa pagkumpleto ng high school at tagumpay pagkatapos ng high school, tulad ng pag-aaral sa kolehiyo at pagiging handa para sa isang career.
- Sinusukat at nagbibigay ito ng naaaksyunang impormasyon sa mga pinunong pang-edukasyon tungkol sa pag-aaral ng mag-aaral sa loob ng mga pamantayan ng ELA, matematika, at Agham at mga inaasahan sa kahusayan.

Paano Nakakatulong sa mga Distrito at Paaralan ang Pagkuha ng mga Pagsusulit ng Estado?

- sinusuportahan nito ang pag-develop ng pantay na mga patakaran at kasanayan, at pamamahagi ng resources.

Mga FAQ tungkol sa mga Pagsusulit ng Estado

Kinakailangan ba ang lahat ng mag-aaral na lumahok sa mga pagsusulit ng estado?

Ang Every Student Succeeds Act (ESSA) ay nangangailangan ng partisipasyon ng lahat ng mag-aaral sa mga kinailangang baitang sa mga pagsusulit ng estado (na may eksepsiyon na nakadetalye sa [ORS 329.479](#) at [OAR 581-021-0009](#)).

Para sa mga mag-aaral na may mga kapansanan, ang partisipasyon sa pagsusulit ay kinakailangan din ng Individuals with Disabilities Education Act (IDEA).

Maa-access ba ng lahat ng mag-aaral ang mga pagsusulit ng estado?

Karamihan ng mga mag-aaral ay kumukuha ng pangkalahatang pagsusulit ng estado. Ang ilan ay nangangailangan ng akomodasyon upang ma-access ang pagsusulit, at ang ilan na may mga kapansanan sa paunawa na pinakamahalaga ay kumukuha ng isang pamalit na assessment.

- Ito ay nagpapakita ng mga pagkakaiba sa performance ng iba't ibang grupo ng mag-aaral sa Oregon at sumusuporta sa mga programa upang matugunan ang mga pangangailangang pang-edukasyon ng mga mag-aaral na iyon.

Paano Ko Masusuportahan ang mga Tagapagturo, Mag-aaral, at Pamilya sa Oregon?

- Ang mga resulta ng pagsusulit ng estado ay idinisenyo upang maging maaasahan sa antas ng grupo ng mag-aaral, hindi sa antas ng indibidwal na mag-aaral. Ang pagsusuri sa mga indibidwal na mag-aaral, pag-access sa mga oportunidad ng mag-aaral (gaya ng accelerated course pathways, Advanced Placement, International Baccalaureate, o mga programa para sa Talented at Gifted) ay dapat nakabatay sa **maraming pinagmumulan ng katibayan**.
- Patibayin na **ang kalidad ng isang paaralan ay higit pa sa kabuuan ng mga resulta ng pagsusulit nito sa ilang mahahalagang asignatura**. Ang pag-label o paghatol sa mga distrito o paaralan sa pamamagitan lamang ng performance sa pagsusulit ng estado ay naghihikayat sa paggawa ng desisyon na nagpapatagal sa mga hindi pagkakapantay-pantay.
- Hinihikayat ang paggamit ng mga resulta ng pagsusuri ng estado sa mga pag-uusap tungkol sa pag-aaral ng mag-aaral. Ang mga pag-uusap na ito ay dapat nakabatay sa katangian at binubuo mula sa kahusayan.

KONTAK

[ODE's Assessment Team Webpage](#)

Mangyaring ipadala ang anumang mga tanong, komento o rekomendasyon sa:

ODE.AssessmentTeam@ode.oregon.gov



Sinusukat ng mga pagsusulit ng estado ang progreso ng mag-aaral sa English Language Arts, Matematika, at Agham Dapat bigyang-kahulugan ang mga ito kasama ng iba pang pinagmumulan ng katibayan, tulad ng mga resulta ng SEED Survey, mga pansamantalang resulta ng assessment, feedback ng guro, mga report card, at attendance.

Ang mga pagsusulit ng estado ay bahagi ng isang komprehensibong sistema ng edukasyon. Ang balanseng sistema ng assessment ay nagbibigay ng karagdagang resources upang suportahan ang pgtuturo at pag-aaral sa araw na may pasok sa paaralan at sa buong taon.